Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

DATE: 7-1 FILE COPY

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-23 NG HUNYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 140-T'99

KAPASIYAHANG TINATANGGAP ANG KAPASIYAHAN BLG. 76-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL CENTRAL NA MATULUNGAN ANG NATURANG SANGGUNIANG BARANGAY NA MAPAAYOS O MAIPAGAWA ANG BAILEY BRIDGE NA NAG-UUGNAY SA POBLACION V AT BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 76-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na naglalayong matulungan ang naturang sangguniang barangay, na maipaayos o maipagawa ang Bailey Bridge na nag-uugnay sa Poblacion V at Barangay Santo Angel Central;

**SAPAGKA'T,** may kahilingan ang sangguniang ito sa Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH) na masuri ang naturang tulay at makapaghanda ng program of works para sa pagpapaayos;

**SAPAGKA'T,** ang pagpapaayos ng naturang tulay ay hinilingan na ng pondo sa ilang mga opisyal at tanggapan ng pamahalaan;

**SAPAGKA'T,** marubdob na hangarin ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na matulungan ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na mailapit sa mga opisyal at tanggapang hinilingan ng pondo upang maipaayos o maipagawa ang Bailey Bridge para sa kapakanan ng mga motorista at mga mamamayan na gumagamit ng naturang tulay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa kapakanang pampamayanan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Eugenio A. Javier, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN** : Na tanggapin ang Kapasiyahan Blg. 76-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na tulungan ang naturang Sangguniang Barangay na mapaayos o maipagawa ang Bailey Bridge na nag-uugnay sa Poblacion V at Barangay Santo Angel Central.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

**HEIDI S. CIRIACO**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA